Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

OFFICE OF THE GOVERNOR
HON. [illegible] FERNANDO
Elaine
RECEIVED BY
07 JUN 2021
DATE
TIME

# TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

**ATAS TAGPAGPAGANAP BLG. 20**
Serye 2021

**ATAS NA NAGTATADHANA NG BALANGKAS NG CITY TRICYCYLE-PEDICAB AND REGULATORY BOARD (CTPRB) NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS.**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Kautusang Panlungsod Blg. 14-2019 na may pamagat na "Isang Kautusang Panlungsod na Nag-aamyenda sa Seksyon 10, Seksyon 11, Seksyon 13 at Seksyon 23 at Tuluyang Pagpapawalang Bisa sa Seksyon 28.7 ng Kautusang Bayan Blg.15-2001, kilala bilang 'Traffic Code of the City of Malolos', ang bumubuo ng Municipal Tricyle-Pedicab Franchising and Regulatory Board (MTPFRB) ng Kautusang Bayan Blg. 15-2001 ay sinusugan at inamyendahan;

**SAPAGKAT,** bunga ng mga itinatadhana ng Kautusang Panlungsod Blg. 14-2019, ang *pagbabagong*-balangkas ng MTPFRB na naging CTPRB ay kinakailangan;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**AT SA GAYON, DAHIL DITO, ako, si INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

**SEKSYON I. BALANGKAS NG CITY TRICYCLE-PEDIAB AND REGULATORY BOARD.**

TAGAPANGULO : INH. GILBERT T. GATCHALIAN
Punong Lungsod

MGA KASAPI : KGG. FRANCISCO J. CASTRO
Tagapangulo ng Lupon sa Inprastraktura
Sangguniang Panlungsod

2F City Government Building
Barangay Bulihan, City of Malolos 3000
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

"Tulungan po natin ang bayan na tulungan ang mamamayan."

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
Tagapangulo ng Lupon sa Transportasyon

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
Tagapangulo ng Lupon sa Baranggay Affairs

G. ADELIO ASUNCION
Pinuno ng Traffic Management and Tricycle
and Regulatory Board

G. RUBEN SAKAY
Kinatawan mula sa Pederasyon ng mga Samahan ng Tricycle

**SEKSYON II. MGA TUNGKULIN AT KAPANGYARIHAN NG CITY TRICYCLE-PEDICAB AND REGULATORY BOARD (CTPRB).** Alinsunod sa Seksyon 2 ng Kautusang Panlungsod Blg. 14-2019 ang mga sumusunod ang takdang kapangyarihan at tungkulin ng CTPRB.

1. Magtakda ng pasahe ng Tricycle at Pedicab sa partikular na ruta (TODA).
2. Sa petisyon ng mga lehitimong samahan ng Tricycle at Pedicab, magtakda ng pagtataas o pagbaba ng pasahe kung ito ay kinakailangan, matapos makapagbigay ng abiso at pagdinig hinggil dito.
3. Magsagawa ng regular na pagpupulong, upang talakayin at bigyan ng dagliang solusyon ang isyu at mga pangangailangan ng samahan ng Tricycles at Pedicab.
4. Magpahintulot sa aplikasyon sa paglilipat-ari o pagsasalin-karapatan sa Motor Tricycle Operators Permit (MTOP) mula sa unang pagmamay-ari tungo sa iba.
5. Siguruhin ang pagtalima ng lahat ng may-ari, operator at drayber ng tricycle at pedicab sa alituntuning nakapaloob sa Kautusang Panlungsod Blg. 14-2019.
6. Pagtatakda ng Ruta/Sona/Terminal at Color Coding ng Sidecar ng Tricyle

**SEKSYON III. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Sakaling ang alinman sa mga sugnay ng Atas na ito ay maipawalang-bisa, mananatiling may bisa ang lahat ng sugnay na maaaring ihiwalay sa sugnay na nawalan ng bisa.

**SEKSYON IV. KABISAAN.** Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay binibigyang kabisaan mula sa araw ng pagkakalagda.

Nilagdaan ngayong ika- 7 ng Hunyo, 2021. Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan.

INH. GILBERT T. GATCHALIAN
Punong Lungsod